



Klase ng 2016

Checklist ng Mga Kinakailangan sa Pagtatapos

Pangalan ng Mag-aaral: _____

Ang checklist ng mga kinakailangan sa pagtatapos na ito ay para sa mga mag-aaral sa Klase ng 2016 (mga mag-aaral na pumasok sa ika-9 na baitang sa taong pampaaralan 2012–13). Upang makakuha ng diploma, kailangang maipasa ng mag-aaral ang mga pagsusulit ng estado sa Sining sa Wikang Ingles at Matematika. Nakalista ang mga karagdagang kinakailangan sa ibaba. Ang seksyong “Mga Kredito sa High School” ay nakadepende sa mga lokal na kinakailangan.

Ang mga mag-aaral na hindi makatutugon sa pamantayan sa mga karaniwang pagtatasa ng estado na kinakailangan sa pagtatapos ay maaaring gumamit ng mga alternatibong inaprubahan ng estado na makikita sa pahina 2 ng dokumentong ito, depende sa pagiging kwalipikado.

Kung makatanggap ang isang mag-aaral ng mga serbisyo ng **espesyal na edukasyon**, gagabayan ng kanyang pangkat ng Individualized Education Program (IEP) ang pagpapasya tungkol sa kung aling mga pagtatasa ng estado o alternatibo ang naaangkop upang maisakatuparan ang mga kinakailangang pagtatasa para sa pagtatapos (pakitingnan ang “Espesyal na Edukasyon at Pagsusulit ng Estado” sa www.k12.wa.us/Resources).

Ang mga mag-aaral na **lilipat** sa mga pampublikong paaralan ng Washington ay maaaring natugunan na ang mga kinakailangan sa pagsusulit sa ibang estado, o maaaring mag-apply para sa access sa mga alternatibong pagtatasa para sa pagtatapos nang hindi muna sinusubukan ang mga pagtatasa ng estado.

Puntahan ang tagapayo sa iyong paaralan para sa karagdagang impormasyon.

MGA KREDITO SA HIGH SCHOOL:

Basahin ang [Washington Administrative Code \(WAC\) 180-51-067](#) para sa mga detalye

Ingles Kinakailangan _____ Nakuha _____

Matematika Kinakailangan _____ Nakuha _____

Agham Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Araling Panlipunan Kinakailangan _____ Nakuha _____

Sining Kinakailangan _____ Nakuha _____

Kalusugan at Kalakasan ng
Katawan Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Wika Kinakailangan _____ Nakuha _____

Edukasyon sa Paghahanda
sa Trabaho Kinakailangan _____ Nakuha _____

Mga Elektibo Kinakailangan _____ Nakuha _____

Iba pa: _____

_____ Kinakailangan _____ Nakuha _____

MGA PAGSUSULIT NG ESTADO:

Tingnan ang pahina 2 para sa mga detalye

Sining sa Wikang Ingles Pasado

Matematika Pasado

PLANO SA HIGH SCHOOL AT PATAAS:

Idinisenyo upang tulungan ang mga mag-aaral na maya't mayang pag-isipan ang kanilang hinaharap at pumili ng kurso na pinakamahusay na maghahanda sa kanila para sa kanilang mga layunin pagkatapos ng high school. Ginawa ito sa pakikipagtulungan ng mga magulang/tagapag-alaga at kawani ng paaralan.

Kumpleto

Klase ng 2016 Mga Kinakailangan sa Pagsusulit ng Estado

ENGLISH LANGUAGE ARTS (SINING SA WIKANG INGLÉS)	MATEMATIKA
Ang kinakailangang English language arts (ELA) ay natugunan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):	Ang kinakailangang Matematika ay natugunan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):
Pagpasa sa Mga High School Proficiency Exam (HSPE o Mga Pagsusulit sa Kahusayan sa High School) sa Pagbabasa at Pagsusulat.*	Pagpasa sa isang End-of-Course (EOC) na pagsusulit sa Matematika o EOC na pagsusulit para sa pagtatapos ng pag-aaral.**
Pagkakaroon ng iskor na hindi bababa sa 2548 sa pagsusulit sa ELA ng Smarter Balanced.	Pagkakaroon ng iskor na hindi bababa sa 2595 sa pagsusulit sa Matematika ng Smarter Balanced.
Pagkakaroon ng Antas 2 (Basic) na iskor sa mga HSPEs sa Pagbabasa at Pagsusulat o iskor na nasa antas ng CIA sa pagsusulit sa ELA ng Smarter Balanced*** (limitado sa mga mag-aaral na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagkakaroon ng Antas 2 (Basic) na iskor sa isang EOC na pagsusulit sa Matematika o EOC na pagsusulit para sa pagtatapos ng pag-aaral,** o iskor sa antas ng CIA sa pagsusulit sa Matematika ng Smarter Balanced*** (limitado sa mga mag-aaral na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†
Pagpasa sa Washington Alternate Assessment System (WAAS) Portfolio sa ELA o Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) (limitado sa mga mag-aaral na may makabuluhang mga problema sa pag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagpasa sa Washington Alternate Assessment System (WAAS) Portfolio sa Matematika o Washington-Access to Instruction and Measurement (WA-AIM) (limitado sa mga mag-aaral na may mga makabuluhang problema sa pag-aaral, sa bawat pangkat ng IEP).†
Paggamit ng opsyong Pagkumpara sa mga Grado.**	Paggamit ng opsyong Pagkumpara sa mga Grado.**
Pagkakaroon ng iskor na 3 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit sa AP o 4 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit sa IB na inaprubahan para sa ELA.**	Pagkakaroon ng iskor na 3 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit sa AP o 4 o mas mataas sa isa sa mga pagsusulit sa IB na inaprubahan para sa Matematika.**
Pagkamit ng isang sapat na mataas na iskor sa SAT o ACT para sa Pagbabasa, o SAT o ACT Plus Writing para sa Pagsusulat.**	Pagkamit ng isang sapat na mataas na iskor sa SAT o ACT.**
Pagpasa sa Collection of Evidence (COE) sa ELA.**	Pagpasa sa Collection of Evidence (COE) sa Matematika.**
Pagpasa sa off-grade level na pagtatasa sa ELA (limitado sa mga mag-aaral sa ika-11 at ika-12 baitang na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagpasa sa off-grade level na pagtatasa sa Matematika (limitado sa mga mag-aaral sa ika-11 at ika-12 baitang na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†
Pagpasa sa Locally Determined Assessment (LDA) sa ELA (limitado sa mga mag-aaral sa ika-12 baitang na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†	Pagpasa sa Locally Determined Assessment (LDA) sa Matematika (limitado sa mga mag-aaral sa ika-12 baitang na nakakatanggap ng espesyal na edukasyon, sa bawat pangkat ng IEP).†
Para sa mga estudyanteng nagsisikap na makakuha ng diploma nang hindi nakakapasa sa isang pagsusulit sa ELA ng estado ng Washington, naipawalang-bisa ang kinakailangan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):	Para sa mga estudyanteng nagsisikap na makakuha ng diploma nang hindi nakakapasa sa isang pagsusulit sa Matematika ng estado ng Washington, naipawalang-bisa ang kinakailangan sa pamamagitan ng (pumili ng isa):
Pagpasa sa isang pagsusulit sa Pagbabasa o ELA sa high school na inaprubahan ng OSPI sa ibang estado.‡	Pagpasa sa isang pagsusulit sa Matematika sa high school na inaprubahan ng OSPI sa ibang estado.‡
Pag-apela sa kinakailangan sa pagtatasa sa ELA sa estado dahil sa isang espesyal na pangyayari.‡‡‡	Pag-apela sa kinakailangan sa pagtatasa sa Matematika sa estado dahil sa isang espesyal na pangyayari.‡‡‡

* Ang mga HSPEs sa Pagbabasa at Pagsusulat ay makukuha ng mga mag-aaral sa ika-12 baitang sa taglagas ng 2015 at tagsibol ng 2016.

** Ang mga EOC na pagsusulit ay batay sa mga dating Pamantayan sa Pagkatuto ng Estado ng Washington sa matematika. Ang mga EOC na pagsusulit ay nakabatay sa binagong Mga Pamantayan sa Pagkatuto ng Estado ng Washington (Common Core), simula sa taong pampaaralan 2014–15.

*** Ang mga iskor na kailangan para makakuha ang mga mag-aaral ng Certificate of Individual Achievement (CIA) ay hindi pa napagpapasyahan simula Agosto 2015. Ang mga iskor ay iaanunso sa Nobyembre 2015.

† Ang desisyon kung paano sasali ang isang kwalipikadong mag-aaral sa isang pambuong estado na pagtatasa ay isang [pasya ng pangkat ng Individualized Education Program \(IEP\)](#), hindi isang pasya ng nangangasiwa.

** Maliban kung lumipat ang isang mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng Washington sa ika-11 o ika-12 baitang, dapat niyang subukan ang mga pagtatasa ng estado nang isang beses bago maging kwalipikado sa mga alternatibo sa bawat content area (www.k12.wa.us/assessment/GraduationAlternatives).

‡ Dapat lumipat sa mga pampublikong paaralan ng Washington mula sa ibang pang-estado o pribadong paaralan.

‡‡‡ Kailangan ay isang mag-aaral sa ika-12 baitang at natutugunan ang mga **napaka** limitadong pamantayan na nakabalangkas sa [Washington Administrative Code \(WAC\) 392-501-601](#) upang makapag-apply.

Klase ng 2016 Mga Kinakailangan sa Pagsusulit ng Estado

Mga Madalas Itanong

Dapat matugunan ng mga mag-aaral ang ilang kinakailangan ng estado at lokal upang makakuha ng high school diploma. **Naglalaman ang pahina 1 ng dokumentong ito ng checklist ng mga kinakailangan sa pagsusulit. Tinutukoy sa pahina 2 ang mga magagamit na opsyon sa pagsusulit upang masapatan ang mga kinakailangang iyon.**

Nasa ibaba ang mga sagot sa ilang madalas itanong tungkol sa mga pagsusulit ng estado. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa tagapayo sa iyong paaralan o pumunta sa www.k12.wa.us/GraduationRequirements.

Ano ang kinakailangan para sa pagtatapos na pagsusulit sa high school ng estado para sa Klase ng 2016?

Dapat matugunan ng mga mag-aaral ang pamantayan sa English language arts (ELA) at matematika upang maging kwalipikadong makapagtapos. Tingnan ang pahina 2 ng dokumentong ito para sa mga pagsusulit at alternatibo.

Mayroon bang mga opsyon para sa mga mag-aaral na kwalipikadong makatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kung hindi naaangkop ang mga pagsusulit ng estado?

Pinagpapasyahan ng mga pangkat ng Individualized Education Plan (IEP) kung aling mga inaprubahang alternatibo ang maaaring gamitin ng mga mag-aaral na nakatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon upang matugunan ang mga kinakailangang pagtatasa para sa pagtatapos.

May mga proseso ang mga distrito na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na kwalipikadong makatanggap ng espesyal na edukasyon na hindi isama ang mga kinakailangang kurso o kredito kapag may direktang kaugnayan sa pagitan ng hindi pagtugon sa mga kinakailangang kurso o kredito at sa kapansanan ng mag-aaral (tingnan ang [WAC 180-51-115](#)).

Kailan ipapakita ang mga resulta ng pagsusulit sa high school sa tagsibol?

- **Smarter Balanced:** Sa loob ng ilang linggo mula nang makumpleto ng mag-aaral ang pagsusulit
- **HSPE:** Hunyo
- **EOC:** Setyembre
- **WA-AIM:** Hunyo

Kailan ko maaaring kuning muli ang pagsusulit ng estado na hindi ko naipasa?

- **Smarter Balanced:** Nobyembre at Marso-Hunyo
- **HSPE:** Nobyembre at Marso
- **EOC:** Enero-Pebrero at Mayo-Hunyo
- **WA-AIM:** Setyembre-Nobyembre at Oktubre-Abril

Ang iba pang mga pagsusulit na maaaring gamitin bilang mga alternatibo sa pagtatasa para sa pagtatapos, tulad ng SAT, ACT, AP, at IB, ay mayroong mga time frame na itinakda ng mga organisasyon na nagbibigay ng mga ito. Walang tungkulin ang estado sa pagtatakda sa mga iskedyul ng pagsusulit na ito.

Ano ang mangyayari kung hindi ko natugunan ang lahat ng aking kinakailangan sa pagtatasa para sa pagtatapos, ngunit naipasa ko ang lahat ng iba pang mga kinakailangan?

Hindi ka makakakuha ng diploma. Ang pagpasa sa mga pagsusulit o alternatibo ng estado ay kinakailangan sa pagtatapos, maliban kung ipinawalang-bisa sa ilalim ng mga *napaka* limitadong kundisyon (puntahan ang tagapayo sa iyong paaralan para sa higit pang impormasyon).

Kung hindi ko naipasa ang lahat ng aking pagsusulit ng estado o kinakailangang klase, makakapagmartsa pa rin ba ako kasabay ng mga kaklase ko sa seremonya ng pagtatapos?

Ang mga lokal na distrito ng paaralan ay may mga patakaran na tumutukoy sa mga lalahok sa mga seremonya ng pagtatapos.

Maaari ko bang kunin ang isa sa mga opsyon sa pagtatasa, gaya ng pagkolekta ng patunay o SAT, sa halip na kunin ang mga pagsusulit ng estado?

Hindi sa *halip* na kunin ang mga pagsusulit ng estado, ngunit bilang karagdagang pagkakataon kung ikaw ay *hindi nakapasa* sa mga pagsusulit ng estado. Dapat subukan ng mga mag-aaral ang bawat pagsusulit ng estado kahit isang beses lang bago i-access ang mga alternatibong inaprubahan ng estado.

Gayunpaman, kung lilipat ang isang mag-aaral sa mga pampublikong paaralan ng Washington sa ika-11 o ika-12 baitang, maaaring payagan ng iba pang mga pamantayan ang mag-aaral na i-access ang mga alternatibo sa pagtatapos nang hindi muna sinusubukan ang pagtatasa ng estado.

Ilang kredito ang kailangan ko upang makapagtapos?

Kinakailangan ng estado ang minimum na 20 kredito, ([Washington Administrative Code \(WAC\) 180-51-067](#)); mas marami ang kinakailangan ng karamihan sa mga distrito ng paaralan. **Dapat mong matugunan ang mga kinakailangan ng iyong lokal na distrito sa pagtatapos.** Makipag-ugnayan sa iyong paaralan upang malaman ang mga eksaktong kinakailangan para sa iyong pagtatapos.

Kung maipapasa ko ang lahat ng kredito na kinakailangan ng estado, makakakuha ba ako ng diploma mula sa estado?

Walang diploma na ibinibigay ang estado. Ang mga lokal na distrito ng paaralan ang nagbibigay ng mga diploma.

Ano ang aking mga opsyon kung hindi ako makakatapos sa tamang oras?

- **Manatili sa iyong high school.** Ang K–12 na pampublikong edukasyon ay libre hanggang sa edad na 21.
- **Mag-enroll sa isang programa para makatapos sa high school sa isang pangkomunidad o panteknikal na kolehiyo.** Ang mga programang ito ay karaniwang may bayad kung ang iyong edad ay nasa pagitan ng 16 at 18 taong gulang. Kung ikaw ay 19 na taong gulang o mas matanda, mayroong opsyon ang mga kolehiyo na hindi magpabayad ng matrikula. Alamin kung nag-aalok ang kolehiyong gusto mong pasukan ng programa para makatapos sa high school.
- **Simulan ang mga kurso sa kolehiyo sa isang pangkomunidad o panteknikal na kolehiyo nang walang high school diploma.**
- **Matamo ang isang certificate na katumbas ng high school.** Makakakuha ng certificate pagkatapos maipasa ang maraming pagsusulit. Ang mga mag-aaral na wala pang 19 na taong gulang ay kailangan ng dokumento ng pag-alis sa paaralan mula sa kanyang high school upang makasali sa isang programang katumbas ng high school.